# PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

## GRADE 3 - MTB-MLE




## QUARTER 3

MELC based SLM

DepEd CALABARZON
Curriculum and Learning Management Division

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
Hindi Ipinagbibili

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

# MTB-MLE

## Ikatlong Baitang

Job S. Zape, Jr.
**PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead**

Aurora Clare L. Menez & Maricris Brutas
**Content Creators & Writers**

Jaypee E. Lopo
**Internal Reviewer & Editor**

Fe M. Ong-ongowan & Hiyasmin D. Capelo
**Layout Artist & Illustrator**

Jeewel Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
**Graphic Artist & Cover Designer**

Ephraim L. Gibas
**IT & Logistics**

Roy Rene S. Cagalingan
**External Reviewer & Language Editor**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON

Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

WEEKS 1-2

# Pagtukoy sa mga Bahagi ng Pahayagan at Pagbibigay Reaksiyon o Opinyon

I

## Aralin

Natutuhan mo sa nakaraang markahan ang tungkol sa mga panghalip pananong at mga wastong pananalita o ekspresyon. Nakilala mo rin ang mga tayutay na metapora (pagwawangis), personipikasyon (pagtatao) at hyperbole (pagmamalabis).

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang tungkol sa pahayagan tulad ng makikita mo sa larawan sa ibaba. Ipakikilala sa iyo ang mga bahagi nito at ang mga impormasyong nakapaloob dito. Sasagutin mo sa araling ito ang mga katanungang may kinalaman sa nilalaman ng pahayagan.




Bibigyang pagkakataon ka na pag-isipan ang mga nilalaman ng bawat bahagi sa tulong ng mga gawain.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang natutukoy mo ang mga bahagi ng pahayagan. Inaasahan ding nakapagbibigay ka ng sariling reaksiyon o opinyon sa mga balita at isyung napapanahon.



# D

Nakakita ka na ba at nakapagbasa ng pahayagan? Ano-ano ang mga bahaging mayroon ang isang diyaryo? Tingnan mo ang mga ito at ang impormasyong matatagpuan sa bawat bahagi.




Ang **pahayagan** o diyaryo ay isang mabuting sanggunian sa pagkuha ng mga impormasyon. Mababasa mo rito ang mga napapanahon at sariwang balita sa loob at labas ng bansa. Nagtataglay rin ito ng iba pang mahahalagang detalye tungkol sa iba't ibang paksa.

| | |
|---|---|
|  | **Pamukhang Pahina**<br>Ito ang pinakamahalagang bahagi ng pahayagan dahil dito mababasa ang mga pangunahing balita sa loob at labas ng bansa. |
|  | **Balitang Pandaigdig**<br>Mababasa rito ang mga balita mula sa iba't ibang bansa sa mundo. |
|  | **Balitang Panlalawigan**<br>Mababasa rito ang mga balita tungkol sa mga pangyayari sa iba't ibang lalawigan sa bansa. |
|  | **Pahinang Opinyon**<br>Dito mababasa ang mga personal na opinyon, palagay, at kuro-kuro ng mga manunulat tungkol sa iba't ibang napapanahong paksa at balita. |

| | |
|---|---|
|  | **Editoryal**<br>Mababasa rito ang personal na kuro-kuro o pananaw ng patnugot o editor tungkol sa isang mainit at napapanahong paksa. |
|  | **Anunsiyo Klasipikado**<br>Dito mababasa ang mga anunsiyo sa iba't ibang hanapbuhay; ipinagbibili tulad ng sasakyan, bahay, mga kagamitan; gayundin ang mga pinauupahan, serbisyo o paglilingkod at iba pa. |
|  | **Tanging Lathalain**<br>Mababasa rito ang mga artikulong nagtatampok ng espesyal na tao, lugar, pangyayari, at iba pa. |
|  | **Pahinang Panlibangan**<br>Mababasa sa pahinang ito ang mga balita tungkol sa mga artista o showbiz, gayundin ang mga babasahing panlibangan tulad ng komiks, crossword puzzle, horoscope, at iba pa. |
|  | **Pahinang Isport**<br>Dito mababasa ang mga balita tungkol sa palakasan o isports at mga manlalaro. |
|  | **Obitwaryo**<br>Naglalaman ang pahinang ito ng anunsiyo ng mga pangalan ng mga namatay. |

Mula sa mga nilalaman ng balita at pagtalakay sa mga isyu ay maaari kang makabuo ng sariling kaisipan, reaksiyon, o opinyon.



Ang **pagbibigay ng reaksiyon** ay isang madamdamin at pangkaisipang pagpapahayag tungkol sa isang isyu o usapin. Ito ay naaayon sa iyong personal na isipan, damdamin, at karanasan.

Ang iyong reaksiyon ay maaaring pagsang-ayon o pagsalungat sa isyung pinag-uusapan. Kadalasang nagsisimula ang paglalahad ng reaksiyon sa mga ganitong salita:

- Para po sa akin…
- Sa akin pong palagay…
- Naniniwala po ako na...
- Kung ako po ang tatanungin…
- Ang opinyon o saloobin ko po tungkol dito ay...

Matatandaan na may mga pahayag na ginagamit sa alin man sa dalawang uri ng reaksiyong iyong ibibigay. Ang mga ito ay:

| PAGSANG-AYON | PAGSALUNGAT |
|---|---|
| Sumasang-ayon po ako... | Paumanhin po ngunit... |
| Tama at mabuti po iyan dahil... | Ikinalulungkot ko po subalit... |
| Ganoon din po ang aking naiisip... | Kaiba po sa iyong pananaw... |


Narito ang ilang mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagbibigay ng reaksiyon o palagay at sariling opinyon:

- Palawakin pa ang kaalaman ukol sa isyu.
- Piliing mabuti ang mga salitang gagamitin.
- Gumamit ng magagalang na mga salita.
- Gawing simple o payak ngunit malinaw ang iyong pahayag.


Matapos mong mabasa ang tungkol sa mga bahagi at nilalaman ng pahayagan, kaya mo na bang tukuyin ang mga ito? Subukin ang sariling kakayahan sa tulong ng sumusunod na mga gawain.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Tukuyin ang bahagi ng pahayagan na ipinakikita sa larawan. Piliin ang mga sagot sa loob ng kahon. Isulat ang mga ito sa iyong sagutang papel .

| | |
|---|---|
| **Balitang Isport** | **Balitang Pandaigdig** |
| **Editoryal** | **Pahinang Opinyon** |
| **Anunsiyo Klasipikado** | **Balitang Panlalawigan** |
| **Tanging Lathalain** | **Pamukhang Pahina** |





1.




2.




3.




4.




5.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Tukuyin ang bahagi ng pahayagan na inilalarawan sa bawat sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Katatapos lamang ng kuya mong si Jeremiah ng pag-aaral. Gusto niyang alamin kung saan siya makahahanap ng trabaho. Maaari siyang tumingin sa _____.

   A. Pamukhang Pahina
   B. Pahinang Opinyon
   C. Anunsiyo Klasipikado
   D. Tanging Lathalain

2. Hindi napanood kagabi ng tatay mo ang laro ng paborito niyang koponan ng basketball. Dapat niyang basahin ang _____.

   A. Editoryal
   B. Obituwaryo
   C. Anunsiyo Klasipikado
   D. Balitang Isport

3. May paparating na malakas na bagyo at ito ang pangunahing laman ng mga balita. Gusto mong malaman ang mga karagdagang detalye tungkol dito. Makikita mo ito sa _____.

   A. Pamukhang Pahina
   B. Pahinang Opinyon
   C. Pahinang Panlibangan
   D. Balitang Isport

4. Nais ng kaibigan mong si Klara na malaman ang mga opinyon tungkol sa isyu ng bakuna laban sa COVID-19. Mababasa niya ito sa _____.

   A. Editoryal
   B. Balitang Panlalawigan
   C. Tanging Lathalain
   D. Pahinang Panlibangan

5. Nagtatrabaho bilang nars ang nanay mo sa ibang bansa. Nais mong makibalita tungkol sa lagay ng mga Pilipinong nagtatrabaho roon. Mababasa mo ito sa _____.

   A. Pamukhang Pahina
   B. Balitang Pandaigdig
   C. Balitang Panlalawigan
   D. Balitang Isport

Natukoy mo na ang mga bahagi ng pahayagan o diyaryo. Ngayon naman ay tutukuyin mo ang mga ekspresyong maaaring gamitin sa pagbibigay mo ng reaksiyon o opinyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Markahan ng tsek (✓) kung wasto ang mga salitang ginamit sa pagpapahayag ng reaksiyon o opinyon. Lagyan naman ng ekis (**X**) kung ito ay hindi wasto o mali. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

_____1. Sa akin pong palagay, dapat manatili ang mga bata sa bahay upang hindi magkasakit.

_____2. Ako dapat ang masusunod. Hindi ko gusto ang naiisip mo.

_____3. Kung ako po ang tatanungin, dapat magkaroon muna ng bakuna bago payagang pumasok ang mga bata sa paaralan.

_____4. Kaiba po sa iyong kagustuhan, mas nais kong mag-aral kaysa maglaro sa labas.

_____5. Sumasang-ayon po ako na dapat ako, bilang mag-aaral, ang gumawa ng mga gawain sa modyul.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Pagsama-samahain ang mga salitang ginagamit sa pagbibigay reaksiyon. Isulat ang bilang lamang sa hanay ng **Pagsang-ayon** o **Pagsalungat**. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| Pananalita sa Pagbibigay Reaksiyon | Pagsang-ayon | Pagsalungat |
|---|---|---|
| 1. Ganoon din po ang aking naiisip... | | |
| 2. Kaiba po sa iyong pananaw... | | |
| 3. Paumanhin po ngunit... | | |
| 4. Sumasang-ayon po ako... | | |
| 5. Tama at mabuti po iyan... | | |

E

Matapos mong matukoy ang mga bahagi ng pahayagan at malaman ang mga salitang magagamit sa pagpapahayag ng pagsang -ayon o pagsalungat sa mga balita at isyu, palalalimin mo ang iyong pagkaunawa sa tulong ng mga karagdagang gawain.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Tukuyin ang bahagi ng pahayagan sa Hanay B kung saan mababasa ang nilalaman ng pahina mula sa Hanaya. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| ***HANAY A*** | ***HANAY B*** |
|---|---|
| _____1. Mga sinalanta ng bagyo sa Quezon Province, pinagkalooban ng tulong. | **A.** Balitang Isport |
| _____2. Ateneo wagi sa UAAP kontra UP | **B.** Balitang Pandaigdig |
| _____3. LGUs na gustong bumili ng bakuna, dapat payagan | **C.** Pahinang Opinyon |
| _____4. Dinapuan ng COVID-19 sa Pilipinas sumipa na sa 461, 505 | **D.** Anunsiyo Klasipikado |
| _____5. Ibinebentang Lupa at Bahay: May 20% Diskuwento | **E.** Balitang Panlalawigan |
| _____6. Bagong strain (uri) ng Corona Virus, naitala sa United Kingdom | **F.** Tanging Lathalain |
| _____7. Ipinaaalam ng pamilya na si Julius Cruz ay pumanaw na (April 5, 2021) | **G.** Pamukhang Balita |
| | **H.** Obitwaryo |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Pumili ng isang sitwasyon mula sa mga nasa ibaba.Sa gabay at pamamatnubay ng magulang, nangangalaga o kasapi sa bahay, sumulat ng isa hanggang tatlong pangungusap upang ipahayag ang sariling reaksiyon tungkol dito. Gawin ito sa iyong sagutang papel .

| |
|---|
| **SITWASYON 1:** Napabalita ang pagdami ng bilang ng mga bata na tinamaan ng COVID-19 kaya mahigpit na ipinagbabawal ang kanilang paglabas sa bahay. Ipinag-utos din ang pagsusuot ng facemask at face shield bilang proteksiyon. |
| **SITWASYON 2:** Maituturing na isa sa pinakamalalang problema ng bansa ang pagdami ng plastic na basura. Hinihikayat ang mga taga-barangay na gumamit ng alternatibong lalagyan tulad ng papel, reusable (muling nagagamit) bag, at basket na gawa sa kawayan tuwing namamalengke. |

Reaksiyon:

Sa aking palagay/naniniwala ako na/ang opinyon ko tungkol dito ay: ____________________________________________


____________________________________________________

## A

Natutuhan mo sa araling ito na:

Ang 

**p _ h _ _ a _ a n** o diyaryo ay isang sanggunian upang makakuha ng mga mahahalagang balita at impormasyon. Mayroon itong iba't ibang bahagi.

Maaari kang magbigay ng **r _ a k _ _ y _ n**  o saloobin tungkol sa mga nilalaman ng pahayagan. Mayroong mga salitang karaniwang ginagamit sa pagpapahayag ng pagsang-ayon o pagsalungat sa isang isyu o paksa.

# Pagkuha ng Detalye at Pag-unawa sa Grapikong Pananda o Marka


WEEKS 3-4

I

## Aralin

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pahayagan at ang mga bahagi nito. Naisagawa mo rin ang pagbibigay ng sariling reaksiyon o opinyon tungkol sa isyu o paksa na mababasa rito.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang mga impormasyong makikita sa mga palarawan o grapikong porma.




Ipakikilala sa iyo ang tatlo sa maraming uri ng presentasyon o paraan ng pagpapakita ng impormasyon gamit ang mga larawan. Mula sa mga ito ay huhubugin ang iyong kasanayan upang unawain ang mensahe o detalye na nais iparating. Tutulungan kang magawa ito gamit ang mga pananda, tatak o marka, o mga detalyeng iyong makikita.


Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nakakukuha ka ng mahahalagang detalye mula sa **informational text** na akma sa iyong baitang. Inaasahan din na mauunawaan mo ang **pictograph** gamit ang pananda at **illustration** sa tulong ng tatak o marka.

# D

Kadalasang nakakukuha ka ng mga impormasyon mula sa mga teksto o pasulat na porma. Nakapaloob ang mga ito sa nakalimbag na mga salita. Maaari ring makuha mo ang mga impormasyon mula sa pakikinig sa sinasabi ng nagsasalita.

Kaiba sa mga ito, makakukuha ka rin ng impormasyon mula sa iba pang uri ng informational text.

> Ang **informational text** ay paglalahad ng mga makatutuhanang nilalaman o detalye. Layunin nitong magbigay impormasyon sa mambabasa tungkol sa paksa.



Ilan sa mga halimbawa nito ay ang mga aklat, talambuhay, at iba pang babasahin. Sa pagkakataong ito, bibigyang pansin mo muna ang: pictographs, illustrations, at infographics.

Alam mo ba kung ano-ano ang mga ito? Nakakita ka na ba ng mga halimbawa nito? Tingnan ang sumusunod na pagpapakilala.

| **Pamagat ng Awit** | **Bilang ng mga bata na nais ang awit** |
|---|---|
| Ang Pasko ay Sumapit | ♪♪♪♪♪♪♪ |
| Namamasko | ♪♪♪ |
| Kumukuti-kutitap | ♪♪ |
| Sa Paskong Darating | ♪♪♪ |
| Star ng Pasko | ♪♪♪♪♪ |
| Simbolo: ♪ = 5 mag-aaral | |

Ang **pictograph** ay uri ng graph o grap. Ito ay dayagram na kumakatawan sa isang sistema ng ugnayan ng iba't ibang bagay sa pamamagitan ng mga larawan.

Sa halip na mga salita lamang ang isinusulat upang maipakita ang mga impormasyon, ang pictograph ay ginagamit upang mas madaling malaman ng mambabasa ang datos o detalye.

## Paboritong Awiting Pamasko

1 → Pamagat o paksa ng pictograph

2 → Nilalaman

3 → Bilang o dami

| Pamagat ng Awit | Bilang ng mga bata na nais ang awit |
|---|---|
| Ang Pasko ay Sumapit | ♪♪♪♪♪♪♪ |
| Namamasko | ♪♪♪ |
| Kumukuti-kutitap | ♪♪ |
| Sa Paskong Darating | ♪♪♪ |
| Star ng Pasko | ♪♪♪♪♪ |

Simbolo: ♪ = 5 mag-aaral


4 → Simbolo o pananda

5 Katumbas na bilang ng bawat simbolo

Makikita sa pictograph sa itaas na tungkol ito sa mga paboritong awiting pamasko (1) tulad ng nakasulat sa pamagat. Mababasa naman sa nilalaman (2) ang iba't ibang awitin. Katapat nito (3) ang kabuoang bilang o dami na ipinakikita sa tulong ng simbolo. (4) Bawat isa nito ay may katumbas na bilang (5). Halimbawa, may sampung bata ang pumili sa "Kumukuti-kutitap" na awit. Paano ito naging sampu? Ipagpatuloy ang pagbabasa.


| Pamagat ng Awit | Bilang ng mga bata na nais ang awit |
|---|---|
| Kumukuti-kutitap | ♪♪ |

Dalawang (2) simbolo ang makikita. Bawat isang ♪ ay may katumbas na limang bata. Simbolo: ♪ = 5 mag-aaral





Nangangahulugan, sampung (10) bata lahat ang pumili sa "Kumukuti-kutitap" bilang kanilang paboritong awit na pamasko.

Ang **illustration** naman ay isang larawan o dayagram na nagpapakita ng mensahe. Gumagamit ito ng larawan ng tao, bagay, o simbolo upang magbigay impormasyon.




Karaniwang halimbawa na ginagamitan ng palarawang presentasyon ang mga paalala o babala, gayundin ang mga bagay na may tatak o marka. Tingnan ang mga halimbawa sa ibaba.

A





B




Babae Lalaki

Makikita sa larawan A ang ama at bata na nag-uusap. Ipinararating nito ang mensahe na bawal abutin ang mga bagay na may markang ekis (X) dahil mapanganib ang mga ito. Nais namang ipaunawa ng larawan B na magkahiwalay ang lalaki at babae. Kadalasang makikita ito sa mga palikuran.

Ang **infographic** naman ay nagtataglay ng impormasyon (info) gamit ang graf (graph) o simbolo, illustration, o larawan.










Ito ay halimbawa ng infographic. Ipinauunawa na dapat gawin ang pagsusuot ng facemask at paglilinis upang makaiwas sa COVID-19. Gamit ang X, ipinababatid na mali ang pagkain ng hindi masusustansiya at ang paglalaro sa labas.

Matapos mong mabasa ang tungkol sa pictograph, illustration, at infographic, uumpisahan mong unawain ang mga mensahe at impormasyon sa tulong ng sumusunod na mga gawain.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Unawain ang pictograph. Lagyan ng tsek (✓) kung tama ang impormasyon ayon sa pictograph. Lagyan naman ng ekis (**X**) kung mali ito.  Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Bilang ng mga Kamatis na Naani ni Kay**

| Araw ng Pag-aani | Bilang ng Naani |
|---|---|
| Linggo |  |
| Lunes |  |
| Miyerkoles |  |
| Huwebes |  |
| Sabado |  |
|  = tatlong (3) kamatis | |

______1. Ang pictograph ay tungkol sa mga bayabas na naani ni Kay.

______2. Limang beses o araw nag-ani ng kamatis si Kay. Ginawa niya ito noong Linggo, Lunes, Miyerkoles, Huwebes, at Sabado.

______3. Tatlong kamatis ang naani ni Kay noong Miyerkoles dahil tatlong piraso ang makikita sa tapat nito.

______4. Bawat isang kamatis ay katumbas ng tatlong piraso nito ayon sa simbolo sa ibaba.


______5. Labindalawang kamatis ang naani ni Kay noong Sabado dahil 4 x 3 ay 12.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Pag-ugnayin ang illustrations o infographics sa Hanay A at ang nais ipakahulugan nito na nasa Hanay B. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

*Hanay A*

1. 
2. 

3. 

4. 

5. 

*Hanay B*

**A.** Daan patungo sa labas.

**B.** Paghiwalayin ang nabubulok at hindi nabubulok.

**C.** Paraan o uri ng pagreresiklo o paggamit muli ng mga lumang bagay.





**D.** Huwag pakialaman. Nakalalason at nakamamatay.

**E.** Bawal maglakad o tumawid dito.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Ibigay ang hinihinging impormasyon ayon sa ipinakikita ng pictograph. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

(1) ______ → **Bilang ng mga Lumahok sa Pagtatanim ng Puno**

| Petsa ng Pagtatanim | Bilang ng mga Lumahok |
|---|---|
| Marso 6, 2021 |  |
| Marso 13, 2021 |  |
| Marso 20, 2021 |  |
|  = 2 tao | |


(2) ______

_____1. Ang petsa kung kailan pinakamarami ang lumahok.

_____2. Ang katumbas na bilang ng bawat puno.

_____3. Ang kabuoang bilang ng lumahok noong Marso 13, 2021.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Unawain ang infographics. Ibigay ang hinihinging impormasyon ayon sa nilalaman nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.





*Mula sa: https://doh.gov.ph/ (modified)*

1. Tungkol saan ang infographics?
2. Ilang paalala ang makikita sa infographics?
3. Para kanino ipinahahatid ang mensahe o paalala?
4. Alin-aling bilang ang nagpapaalala ng pag-iwas?
5. Saang ahensiya nagmula ang infographics?

## A

Natutuhan mo sa araling ito na:

Ang




p __ c __ __ g __ a __ h ay isang uri ng informational text na gumagamit ng larawan o simbolo upang makapagbigay impormasyon, kabilang na ang illustrations at infographics.

Mahalagang matutuhan mo ang mga ito upang maunawaan ang mga hindi pasulat na mensahe na makikita mo sa iyong paligid.

WEEK 5

# Pagbibigay ng Pamagat sa Akda o Teksto

I

## Aralin

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pagkuha ng impormasyon at pag-unawa sa mensahe mula sa pictographs, illustrations at infographics. Ang mga ito ay nagtataglay ng mas maraming larawan o simbolo kaysa salita. Nabatid mong mahalaga na marunong kang bumasa at umunawa ng palarawang pagpapakita ng mga detalye.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang ilang mga akda at teksto. Uunawain mo ang mga nilalaman ng mga ito. Pag-iisipan mo kung paano magkaugnay ang pamagat at ang nilalaman ng akda.

| Mga Akda o Teksto | Orihinal na Pamagat | Bagong Pamagat |
| --- | --- | --- |
|  | Ang Magkakaibigan<br>Malaki na si Isko<br>Pawikan<br>Pag-iwas Laban sa COVID-19 | ? |

Mula sa iyong pagkaunawa ay bubuo ka ng kaisipan. Tuturuan ka ng mga hakbang kung paano mo ito gagawin gamit ang ilang mga halimbawa.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang ikaw ay nakabubuo ng bagong pamagat sa isang akda o sa isang informational text.

## D

Nakapagbasa ka na ba ng maraming akda tulad ng kuwento? Napapansin mo ba ang mga pamagat nito? Ano nga ba ang pamagat?



Ang **pamagat** ay nagpapahayag ng diwa o paksa ng isang akda, teksto, o larawan.

Unawain ang kaugnayan ng pamagat sa nilalaman ng akda gamit ang halimbawa sa ibaba.

**Mga Katangiang Pilipino**

Kilala tayong mga Pilipino sa buong mundo sa pagtataglay ng mga mabubuting katangian. Isa sa mga katangiang maipagmamalaki natin ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga panauhin. Mahusay tayong magpatuloy ng bisita at mag-asikaso sa kanila.

Tayong mga Pilipino ay matatag sa ano mang pagsubok na hinaharap. Taglay rin natin ang pagkakaisa, pagtutulungan, at pagmamahalan.

"Mga Katangiang Pilipino" ang naging pamagat sapagkat mababasa mo sa nilalaman kung ano-ano ang katangiang binanggit. Ito ay ang mga salitang may salungguhit.

Mahalagang tandaan na sa pagbibigay ng pamagat, mabuting gawin itong maikli at nakatatawag ng pansin. Kalimitang humihikayat ito sa mga mambabasa na ituloy ang pagbabasa ng akda. Kailangang simulan sa malaking letra ang mahahalagang salita sa pamagat.

Ang bawat akda, teksto o informational text ay maaaring magkaroon ng iba pang pamagat. Tingnan ang halimbawa sa ibaba kung paano ito ginagawa.

**Kahusayan ng mga Pinoy**

Hindi na mabilang ang mga kababayan nating nangunguna sa larangan ng pag-awit, pagpipinta, at pag-ukit. Hinahangaan ng mga dayuhan ang mga produkto nating gawang kamay na tulad ng binurdahan at nililok. Tunay na ang mga Pilipino ay malikhain sa iba't ibang larangan.

Makikita na ang "Kahusayan ng mga Pinoy" ang pamagat ng akda. Maaari kang magbigay ng panibagong pamagat para rito. Siguruhin lamang na:

1. Unawain ang nilalaman ng akda o katha.
2. Salungguhitan ang mahahalagang salita.
3. Bumuo ng pamagat na simple, maikli at angkop sa paksa.

Sa halimbawa sa itaas, binanggit ang mga salitang "nangunguna sa larangan ng pag-awit, pagpipinta, at pag-ukit." Kasama na rin ang "Hinahangaan ang gawang kamay, at iba pa." Nangangahulugan na tungkol sa talento ng mga Pilipino ang paksa.






Maaaring makabuo ka ng bagong pamagat. Ito ay: "Ang mga Natatanging Talento ng mga Pilipino."


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Piliin ang angkop na pamagat ng akda o teksto. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

1. Malinis at maituturing na kahanga-hanga ang aming pamayanan. Kayraming turista ang nagaganyak na pasyalan ang aming lugar. Tanyag ang mga bundok, ilog at iba pang tanawin. Marami rin kaming mga kababayang may kani-kaniyang talino sa iba't ibang larangan — sa sining, sa edukasyon, at sa palakasan.
   A. Mga Gawain sa Pamayanan
   B. Ang Aming Pamayanan
   C. Turista sa Pamayanan
2. Mahalaga sa pagpapanatili ng kalusugan at pag-iwas sa sakit ang pagkain ng prutas at gulay. Isa ang mga madilaw na prutas at gulay na kailangan ng katawan. Ang bitaminang taglay ng mga ito ay nakapagpapalinaw ng paningin. Kaya, kumain ng carrots, kalabasa, kahel, hinog na mangga at iba pa.
   A. Pagkain ng Prutas at Gulay
   B. Iba't ibang Prutas
   C. Pag-iwas sa Sakit
3. Ang niyog (**coconut**) ay mahalagang produkto ng Pilipinas. Natatangi sa lahat ng puno ang niyog sapagkat bawat bahagi nito ay mahalaga. Bukod sa pagbebenta ng kopra, buko at niyog sa pagluluto, marami pa itong gamit. Ang niyog ay sangkap rin sa paggawa ng sabon, shampoo, at iba pa.
   A. Ang Paggawa ng Sabon at Shampoo
   B. Pagbebenta ng Kopra, Buko at Niyog
   C. Kahalagahan at Gamit ng Niyog

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gawan ng bagong pamagat ang teksto at infographic sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.


1. Noong 1950, nadiskubre ni Fr. Pedro Bautista ang mabuting naidudulot sa kalusugan ng paliligo sa "hot spring" sa Los Baños, Laguna. Ito ay matatagpuan sa paligid ng Bundok Makiling. Dinarayo ito ng maraming turista. Dinarayo ito dahil sa mainit nitong tubig at ang mabuting nagagawa nito sa kalusugan ng isang tao lalo na sa mga maysakit at matatanda. Tinagurian ang Laguna bilang "Hot Spring Capital" ng Pilipinas.

2. 


## A

Natutuhan mo sa araling ito na:

Ang pagbibigay ng bagong p __ m __ g a __ sa isang akda, teksto o informational text. Tandaan na kailangan mong unawain muna ang nilalaman at hanapin ang mahahalagang salita upang makuha ang paksa at makabuo ng angkop na pamagat.



# Paggamit ng Wastong Pandiwa

## I Aralin

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang pagbibigay ng pamagat sa akdang pampanitikan o teksto na iyong binasa. Nagamit mo ang ilang mga paalala upang makabuo ng wasto at angkop na pamagat.

Ngayon naman ay dadako ka sa pagkatuto tungkol sa pandiwa. Kikilalanin mo ang mga salitang nagpapakita o nagpapahiwatig ng kilos o galaw. Ituturo sa iyo ang paggamit ng mga pandiwang pangnagdaan o naganap na bilang anyo ng kilos na naisagawa o natapos na.

**Pandiwa** | **Nilalaman** | **Talaarawan**



✓ Pandiwa

✓ Mga Pangyayari

✓ Kakaibang karanasan




Gamit ang mga salitang kilos, itatala mo ang mga pangyayari sa iyong buhay o ang iyong mga karanasan sa araw-araw. Isusulat mo ito sa iyong talaarawan.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang nakagagamit ng wastong pandiwa sa pagsusulat tungkol sa mga pangyayari o karanasan gamit ang talaarawan.

# D

Bawat tao, kasama ang batang katulad mo, ay may kakayahang magsagawa ng kilos o galaw. Ilan sa mga ito ay ipinakikita o ipinahihiwatig sa mga larawan sa ibaba. Kaya mo bang tukuyin ang mga ito?



Tama. Tumatakbo, nagsusulat, naglalaro, nagdidilig, sumasayaw, at kumakanta o umaawit ang mga salitang kilos na ipinakikita sa mga larawan.




Ang **pandiwa** ay salitang nagpapahiwatig ng kilos o galaw. Nagbabago ang anyo nito ayon sa panahunan o aspekto ng pandiwa. Tumutukoy ito kung kailan naganap o magaganap ang isang kilos.



Si Susan ay <u>nagsusulat</u>.

<u>Itinuturo</u> ni Carlo si Jun.





Si Princess ay <u>umaawit</u> ng paborito niyang kanta.

Masdan mo ang salita na may salungguhit sa bawat pangungusap. Ang mga ito ay salitang kilos o galaw. Ang mga ito ang ipinakikita o ginagawa nina Susan, Bryan, at Princess.

Tatlo ang aspekto ng pandiwa. Ang mga ito ay: 1) naganap 2) nagaganap at 3) magaganap. Sa araling ito ay pagtutuunan mo lamang ng pansin ang mga kilos na naganap na o natapos na.

Kung babalikan mo ang mga pandiwang ginamit sa nakaraang pahina, mapapansin mo na kasalukuyang nagaganap ang mga kilos:

Nagsusulat, itinuturo, at umaawit. Paano magiging nasa anyong pangnagdaan ang mga salitang nabanggit?

Ang **aspektong naganap** ay panahunang nagpapakita na ang kilos ay natapos na o nangyari na. Tinatawag din itong perpektibo.



Narito ang ilan sa mga paraan upang mabago mo ang anyo ng pandiwa sa pormang naganap na.

Kunin ang salitang pawatas o orihinal na anyo ng salita. Gamit ang naunang halimbawa, tingnan ang bahaging binilugan at ang matitirang salita:

| | | Anyong Naganap |
|---|---|---|
| - nagsusulat | - sulat | - nagsulat |
| - itinuturo | - turo | - itinuro |
| - umaawit | - awit | - umawit |

Mapapansin mo na maaaring gumamit ng mga pantig na: -nag; -in, at –um. Magagamit mo rin ang ang iba pang halimbawa tulad ng: -na; at -nang.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Tukuyin ang angkop na pandiwa sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang mga bata ang (nagluto, nagluluto, magluluto) ng kanilang umagahan kahapon. Tinulungan sila ng kanilang ina.
2. (Nagdiwang, Nagdiriwang, Magdiriwang) ng kaniyang kaarawan si Abegail noong Enero 8.
3. Maagang (umuwi, umuuwi, uuwi) kahapon ang tatay ni Jake mula sa trabaho.
4. Tayo ay (nagdasal, nagdarasal, magdarasal) araw-araw.
5. Mabilis (natapos, natatapos, matatapos) ni Maine ang mga gawain sa modyul. Naipasa na niya ito sa kaniyang guro.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin ang laman ng talaarawan ni Donna. Punan ng angkop na anyo ng pandiwa ang mga patlang sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

*Mahal Kong Diary,*

*Noong nakaraang Pasko, 1. _______ (punta) kami sa Batangas. 2. _____ (Kita) namin ang magagandang tanawin habang kami ay naglalakbay. Pagdating doon ay agad kaming 3. _____ (kain) ng masasarap na putahe na inihanda para sa amin. Nagkuwentuhan din kami kasama ang aming mga pinsan. Kumanta at 4. _____ (sayaw) rin kami. 5. _____ (laro) kami ng sungka, patintero, at tago-taguan.*

*Tuwang-tuwa ang aming mga kaibigan nang ikuwento ko ang karanasang ito sa kanila. Mananatili ito sa aking alaala.*

*Nagmamahal,*

*Donna*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sumulat tungkol sa isang masayang karanasan sa iyong talaarawan. Gumamit ng mga pandiwang naganap na. Salungguhitan ang mga ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| |
|---|
| Ang **Talaarawan** ay isang pang-araw-araw na tala, lalo na ng mga personal na karanasan, saloobin, obserbasyon, at pananaw. Ito ay isinusulat na parang nakikipag-usap sa isang tao, na maaaring tawaging "Mahal kong Diary o Talaarawan". |

*Mahal Kong Talaarawan,*

____________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

____________________________________________.

*Nagmamahal,*

________________

## A

Natutuhan mo sa araling ito na:

Ang  p __ n __ __ w __ ay salitang nagpapahiwatig ng kilos o galaw. Mayroon itong tatlong aspekto: naganap, nagaganap, at magaganap.

Mahalagang matutuhan mo ang wastong anyo ng pandiwa upang magamit mo sa pagsusulat o pagkukuwento ng iyong mga karanasan.

# Pagtukoy sa Layunin ng May-akda sa Kaniyang Katha


WEEKS 7-8

I

Aralin

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pandiwa. Ito ay salitang nagpapahiwatig ng kilos o gawa. Nagbabago ang anyo o gamit nito ayon sa aspekto. Ang mga ito ay naganap, nagaganap, o magaganap. Magagamit mo ang pandiwa sa pagsusulat o pagkukuwento ng mga karanasang nangyari sa iyong buhay.

Ngayong huling dalawang linggo ay magbabasa ka ng iba't ibang akda. Uunawain mo ang nilalaman ng mga akdang gawa ng mga manunulat. Pag-iisipan mo kung ano ang dahilan o layunin ng nakasaad sa mga ito.


| Manunulat o May-akda | Mga Katha o Akda | Layunin |
|---|---|---|
|  |  | ✓ Magbigay Impormasyon<br>✓ Manghikayat<br>✓ Manlibang |

Ipakikilala sa iyo ang tatlo sa mga pangunahing layunin ng manunulat sa kanilang mga akda o sinulat. Ang mga ito ay ang: 1. magbigay ng impormasyon, 2. manghikayat at 3. manlibang. Mauunawan mo ang mga ito sa tulong ng mga halimbawa.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang natutukoy mo ang layunin ng may-akda sa kaniyang katha o isinulat.

D

Bawat manunulat at akda ay may layunin o mensaheng nais iparating sa mambabasa. Naiiba ito ayon sa paksa o sa nilalaman ng katha o akda.



Ang **pagsulat** ay pagsasalin sa papel o anumang kasangkapang gamit ang mga nabuong salita, simbolo, at ilustrasyon ng isang tao na may layuning maipahayag ang kaniyang kaisipan.

Pag-aralan ang sumusunod na layunin ng may-akda sa tulong ng kahulugan at halimbawa.

1. **Magbigay ng impormasyon**. Ito ang layunin kung ang teksto, talata, sanaysay, talambuhay, o kuwento ay naglalayong makapagbigay ng karagdagang kaalaman o detalye. Kadalasang naglalahad ito ng pagpapaliwanag, mga halimbawa at pagtalakay sa paksa. Karamihan sa kanilang mga akda ay may aral na nais iparating sa kanilang mga mambabasa.

**Mga Sasakyan sa Pilipinas**

Ang jeepney ay kilalang-kilalang uri ng transportasyong pampubliko sa ating bansa. Naging simbolo ito ng kultura ng Pilipinas sa buong mundo dahil sa kakaiba nitong yari.

Isa pang sikat na pampublikong transportasyon ang tricycle. Tatlo ang gulong nito at karaniwang maliit lamang. Ang tren naman gaya ng LRT at MRT ay kilala na rin lalo na sa Maynila. Ang Philippine National Railways ay tren na ginagamit sa ilang bahagi ng Luzon at iba pang lalawigan.

Ang mga bus at taxi ay mga karagdagang halimbawa ng mga sasakyang maaaring gamitin ng tao.


Mula sa kathang iyong binasa mula sa nakaraang pahina ay nakakuha ka ng kaalaman tungkol sa iba't ibang uri ng sasakyang gamit sa transportasyon dito sa Pilipinas. Nangangahulugang ang layunin ng may-akda ay magbigay impormasyon.


2. **Manghikayat**. Ito ang layunin kung ang akda ay humihimok o nag-aanyaya na maniwala, pumanig sa kaisipang inilahad o sumang-ayon ang mambabasa.

Unawain ang halimbawa sa ibaba.

**COVID-19 ay Iwasan at Wakasan!**

Dahil sa patuloy na pagtaas ng bilang ng kaso ng COVID-19 sa Pilipinas, mahigpit pa ring ipinatutupad ang **Health Protocols** mula sa Inter-Agency Task Force (IATF). Hinihikayat ang publiko na manatili na lamang sa kanilang mga tahanan. Kung hindi talaga maiiwasang lumabas, nararapat na magsuot ng **face mask** at **face shield**.





Makatutulong din ang pagsunod sa pagtatalaga ng distansiya mula sa ibang tao. Nararapat lamang na mag-ingat ang bawat isa hindi lamang bilang proteksiyon nila sa kanilang sarili lalong higit para sa kanilang mga pamilya. Kung ang bawat isa ay makikiisa at makikipagtulungan, maiiwasan pa lalo ang pagdami ng mga nagkakasakit.

Mapapansing nais ng sumulat ng akda na mahikayat ang mambabasa na sumunod sa mga tuntunin upang hindi magkasakit dahil sa COVID-19. Nagtataglay ang akda ng mga paraan na maaaring gawin at ang magandang idudulot kung ang bawat isa ay makikiisa.

3. **Manlibang.** Ito ang layunin kung ang akda ay tungkol sa mga payak o simpleng paksa na nagbibigay saya o aliw sa mambabasa.

Pag-aralan ang halimbawa sa ibaba.

**Si Wak Uwak at Si Ash Aso** *(adapted)*

May isang ibong uwak na nagngangalang Wak. Nakakita siya ng karne. Tinangay niya ito at lumipad nang malayo. Dumapo siya sa dulo ng sanga ng isang puno upang simulang kainin ang karne.



Bigla na lamang na narinig niya ang malakas na boses ni Ash, isang aso. Sinabi nitong: "Sa lahat ng ibon, ang uwak ang pinakamagaling. Walang katulad!" Natuwa ang uwak at ibinukas ang bibig upang humalakhak.

Dahil dito ay nahulog ang karne mula sa bibig ng uwak. Nahulog ito sa lupa at kaagad na sinunggaban ng aso. Walang nagawa si Wak kung hindi ang tingnan ang pagkain ng aso sa nahulog niyang karne. Mula noon ay hindi na muling nagpalinlang si uwak sa aso.

Nalibang ka rin ba sa nilalaman ng kuwento? Ang mga ganitong katha ay naglalayong mapatawa o mapangiti ang mambabasa.

Kahit na ang unang layunin ay manlibang, kadalasang nagtataglay rin ang ganitong katha ng mga aral sa buhay katulad ng "Kuwento ni Wak Uwak at Ash Aso."

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pag-ugnayin ang kahulugan o deskripsiyon sa Hanay A at ang layunin ng may-akda na nasa Hanay B. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

| *Hanay A* | *Hanay B* |
|---|---|
| _____1. Nais ng may-akda na ipaliwanang ang tungkol sa isang paksa. Ang katha ay nagtataglay ng mga halimbawa at iba pang mahahalagang detalye. | A. Manlibang |
| _____2. Layunin ng may akda na mapasaya ang mambabasa gamit ang mga simpleng nilalaman ng katha. | B. Magbigay ng Impormasyon |
| _____3. Hangad ng may akda na mapaniwala o mapasang-ayon ang mambabasa. | C. Manghikayat |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Lagyan ng tsek (✓) kung tama ang isinasaad na layunin ayon sa nilalaman ng bawat bilang. Lagyan naman ng ekis (X) kung mali ito. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

_____1. **Layuning manlibang.** Ang kuneho ay nagyayabang tungkol sa kaniyang bilis sa harap ng iba pang mga hayop. Nakipagkarera siya kay pagong ngunit natalo siya dahil nakatulog siya.

_____2. **Layuning magbigay ng impormasyon**. Ang mga berdeng madahon at madilaw na gulay ay mayaman sa beta-carotene. Pinagmumulan ang mga ito ng Vitamin C, iron, calcium, dietary fiber, folic acid, at iba pa.

_____3. **Layuning manghikayat**. Narito ang mga hakbang sa pagluluto ng itlog. Una, ilagay ang itlog sa kaldero. Lagyan ito ng tubig at hayaang kumulo. Pagkaraan ng ilang minuto, hanguin ito at ihain.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Tukuyin ang layunin ng bawat akda o katha. Piliin ang sagot mula sa kahon. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

| |
|---|
| A. Nagbibigay ng impormasyon |
| B. Nanghihikayat |
| C. Nanlilibang |

1. Paano nga ba ginagawa ang banga o palayok? Ang mga ito ay ginawa sa pamamagitan ng paghahalo ng luwad o **clay** at tubig. Sinasamahan din ito ng pampatibay tulad ng buhangin at ipa o balat ng palay. Hinuhulma ang palayok o banga sa gustong hugis gamit ang **potter's wheel**. Ang nahulmang luwad ay ipinapasok sa isang hurno na may init na humigit kumulang sa 900°C para mapatigas. Ang napatigas na banga ay maaari nang gamitin subalit maaari din itong lagyan ng disenyo o palamuti.

2. "Hinihiling ko sa inyong lahat na magtulong-tulong tayo para mapaunlad ang ating bansa." Sikapin nating magkaroon ng disiplina at iwasan ang pang-aabuso sa ating likas na yaman. Magtrabaho at magsikap tayong lahat," pahayag ng ating dating pangulo.

3. Isang araw, inutusan si Juan ng kaniyang ina na bumili ng mga alimango mula sa palengke. Habang siya ay pauwi, nadaanan niya ang kaniyang mga kaibigan na naliligo sa ilog. Dali-daling pinakawalan ni Juan ang mga alimango at inutusan ang mga itong mauna nang umuwi sa kanilang bahay. "Kapag hinanap ako ni inay, pakisabi na naliligo lamang ako kasama ang aking mga kaibigan".

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Tukuyin ang layuning iyong dapat gamitin ayon sa sitwasyon sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Nais mong ipaliwanag ang mga natutuhan mong kaalaman tungkol sa COVID-19. Isusulat mo rin ang mga halimbawa ng mga paraan ng pag-iwas upang magkasakit.

2. Napansin mo na ang ibang bata sa kapitbahay ay hindi binabasa ang modyul. Madalas silang naglalaro sa labas. Nais mong sumulat ng akda upang mas piliin nila ang mag-aral.

3. Nalulungkot ang iyong kapatid dahil gustong-gusto na niyang lumabas kagaya ng ginagawa niya dati. Dahil ipinagbabawal pa ito ay madalas siyang nababagot. Nais mong sumulat ng akda upang mabawasan ang kaniyang pagkainip at mapasaya rin siya.

## A

Natutuhan mo sa araling ito na:

Ang bawat **m __ n u __ __l __ t** ay may layunin. Ito ay maaaring ang magbigay ng impormasyon, manghikayat o manlibang.



Mahalagang matutuhan mo ang pagtukoy sa mga ito upang mas maunawaan mo ang mensaheng nais iparating. Magagamit mo rin ang kaalamang ito sa pagsusulat o pagpapahayag ng iyong kaisipan.

# Susi sa Pagwawasto

## Weeks 1-2

**Gawain sa Pagkatuto 1**

1. Editoryal
2. Anunsiyo klasipikado
3. Pamukhang Pahina
4. Balitang Panlalawigan
5. Tanging Lathalain

**Gawain sa Pagkatuto 2**

1. C
2. D
3. A
4. A
5. B

**Gawain sa Pagkatuto 3**

1. /
2. X
3. /
4. /
5. /

**Gawain sa Pagkatuto 4**

Pagsang-ayon
1, 4, 5

Pagsalungat
2, 3

**Gawain sa Pagkatuto 5**

1. F    6. B
2. A    7. I
3. D
4. H
5. E

## Weeks 3-4

**Gawain sa Pagkatuto 1**

1. X
2. /
3. X
4. /
5. /

**Gawain sa Pagkatuto 2**

1. B
2. A
3. D
4. C

**Gawain sa Pagkatuto 3**

1. Pamagat
2. Simbolo
3. Marso 20, 2021
4. 2 tao
5. 8 tao

**Gawain sa Pagkatuto 4**

1. Pag-was laban sa COVID-19
2. 6
3. sa publiko
4. 2, 3, 4
5. DOH

## Week 5

**Gawain sa Pagkatuto 1**

1. B
2. A
3. C

**Gawain sa Pagkatuto 2**

1. Ang Hot Spring sa Laguna
2. Mga Paraan Upang Hindi Magkasakit ng COVID-19

## Week 6

**Gawain sa Pagkatuto 1**

1. Nagluto
2. Nagdiwang
3. Umuwi
4. Naglinis
5. Natapos

**Gawain sa Pagkatuto 2**

1. Pumunta
2. Nagkita
3. Kumain
4. Sumayaw
5. Naglaro

## Weeks 7-8

**Gawain sa Pagkatuto 1**

1. B
2. A
3. C

**Gawain sa Pagkatuto 2**

1. /
2. /
3. X

**Gawain sa Pagkatuto 3**

1. A
2. B
3. C

**Gawain sa Pagkatuto 4**

1. Magbigay ng impormasyon
2. Manghikayat
3. Manlibang

## Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o

### Gawain sa Pagkatuto

| Week 1 | LP | Week 2 | LP | Week 3 | LP | Week 4 | LP |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

| Week 5 | LP | Week 6 | LP | Week 7 | LP | Week 8 | LP |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong , ✓, ?.

## Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0.* Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs